# MARK ANTHONY S. SALVADOR

Nagtapos ng Masterado sa Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas – Diliman, kasalukuyang kumukuha ng Doktorado sa Pilosopiya sa Panitikan ng Pilipinas sa nasabing pamantasan si **Mark Anthony S. Salvador**. Mababasa ang kaniyang mga akda sa *Kawing, Rappler, Tomas, Dx Machina: Philippine Literature in the Time of COVID-19 1, Likhaan, Entrada, Reflective Practitioner, Pylon, Bookwatch, Liwayway, at Luntian Journal.* Nagtamo siya ng unang gantimpala sa kategoryang sanaysay sa Saranggola Blog Awards 2022. Kasalukuyan siyang assistant professorial lecturer 3 sa Departamento ng Filipino ng Pamantasang De La Salle – Maynila. Kasapi siya ng Alliance of Concerned Teachers – Private Schools. Mahilig siyang magkape, maglakad, manood ng mga anime, at mangarap.

# MABAYA

Pagkatulak ni Aki sa pinto ng kaniyang kuwarto, naglululukso na si Mabaya, sumasayaw ang buntot. Niyakap niya ang alaga. Muli, para niyang isinusumbong sa aso ang sanhi ng bigat ng kaniyang loob.

Nasa ikalawang taon na sa BS Accountancy sa UST si Aki. Iginagapang niya ang bawat araw sa programang ipinilit lang sa kaniya ng mga magulang niya. Fine Arts ang gusto niyang kunin, pero ayaw naman ng mga magulang niya. Bukod daw sa magastos sa mga materyales—sa brush, pintura, canvas at iba pa—wala rin daw maayos na kapupuntahan.

“Gamitin mo nga ‘yang isip mo,” sabi ng daddy niya habang dinuduro siya sa noo. “May pera ba d’yan?”

Katatapos lang ng unang semestre niya nang mapagpasyahan niyang kausapin ang mga magulang niya matapos ang isang linggo pag-iipon ng lakas ng loob.

“Magsi-shift po sana ako sa Fine Arts,” sabi niya. “Nakakaisang sem pa lang naman po ako. Habang maaga pa. Para di sayang.”

Nanlaki ang mga mata ng daddy at mommy niya.

“Sige, sige,” mataas ang tono ng boses ng daddy niya. “Pero wag ka nang uuwi rito.”

Nakakaisang taon na siya sa BS Accountancy nang regaluhan siya ng pomeranian ng kaniyang tita. Sa pagtataka niya, pumayag ang mga magulang niya nang kausapin ng tita niya na aalagaan niya ang tuta.

Maghapong inisip ni Aki ang ipapangalan niya sa tuta. Babae ito, puting-puting gaya ng mga bulaklak ng sampagita. Hanggang mapagpasyahan niyang pangalanan itong Mabaya, paborito niyang kulay, salitang Ivatan para sa “pula.” Nadaanan lang niya minsan sa Facebook ang salita, at tinandaan niya. *Mabaya*.

Isang taon na ngayon si Mabaya, ang tanging nilalang na nakakakita sa mga guhit ni Aki—guhit ng dapithapon, bukangliwayway, punong kabalyero, santan at laksang iba pa na ang pangunahing kulay ay matingkad na pula.